Mga patakaran para sa

Linggo ng Pagbibisikleta sa Paligsahan sa Sining sa paaralan

Magsasagawa ang San Francisco Safe Routes to School (Mga Ligtas na Ruta Papuntang Paaralan) ng pakontest sa sining para sa lahat ng estudyante ng San Francisco na nasa K-12, at nang makatulong sa paghahatid ng impormasyon at pagpapataas ng kamalayan ukol sa Linggo ng Pagbibisikleta (Bike & Roll Week). Puwedeng kaswal na makapagbahagi ang mga estudyante ng kanilang trabaho sa pamamagitan ng social medium (halimbawa, Facebook o Instagram), at pati na rin sa pag-eemail ng kanilang artwork o likhang-sining, upang maisaalang-alang ang mga ito sa paggagawad ng premyo. Itatampok ang likhang-sining ng mananalo ng pinakamataas na gantimpala o grand prize sa poster ng 2024 Linggo ng Pagbibisikleta!

Lumikha ng sining biswal na nagpapahayag kung ano ang histsura, pakiramdam, at kahulugan ng pagbibisikleta sa mga estudyante ng San Francisco. Tandaan din na maraming paraan ng pagbibisikleta at paggulong -- kasama rito ang lahat ng scooter, skateboard, wheelchair, at iba pang aktibong paraan ng pagpunta sa iba't ibang lugar!

HAKBANG 1: I-share ang inyong trabaho!

Puwedeng mag-post ang mga magulang at estudyante ng litrato ng artwork sa Instagram. Tiyaking mata-tag ang @sfbike, @sfsaferoutes, at #bikeandrollsf sa inyong post, para makita ito ng lahat!

HAKBANG 2: Sumali sa kontest!

Pagiging Kuwalipikado

- Lahat ng estudyante ng San Francisco na nasa K-12

Mga Gantimpala

- Pinakamataas na Gantimpala o Grand Prize: Bungkos ng art supplies na may halagang $100 at pagdi-display ng sining bilang bahagi ng promosyon ng Linggo ng Pagbibisikleta sa susunod na taon! (Kuwalipikado ang lahat ng edad)
- Unang Gantimpala para sa High School: Bungkos ng art supplies na may halagang $50,
- Unang Gantimpala para sa Middle School: Bungkos ng art supplies na may halagang $50,
- Unang Gantimpala para sa Paaralang Elementarya: Bungkos ng art supplies na may halagang $50,

Mga Kinakailangan sa Pagsusumite para Maisaalang-alang sa Kontest

- Kailangang may sukat na 8.5" x 11" ang artwork, at may oryentasyong pahalang o landscape
- Puwede ang lahat ng anyong-sining: pagdo-drowing, pagpipinta, mixed media, digital, at iba pa.
- Magsumite ng naka-scan na kopya at mataas ang kalidad na litrato, o ang iyong digital art sa pormat na .JPG o .PDF sa SRTSContest@sfmta.com
- Isama ang iyong pangalan, paaralan, at antas ng grado
- Dapat maisumite ang lahat ng kalahok bago sumapit ang May 10, 2023

Mga Pamantayan sa Paghuhurado

- Pagiging malikhain at orihinal
- Pagiging malinaw ng mensahe ng artwork sa pagtataguyod ng Linggo ng Pagbibisikleta
- Pagkatawan sa mga pagkakaiba-iba o diversity, at pagsasama sa lahat o inclusivity.

Ipadala ang anumang mga tanong sa SRTSContest@sfmta.com

Kung mapipili ang trabaho mo bilang nagwaging kalahok, kailangang may paraan ang Safe Routes to School para makontak kayo at makolekta ang orihinal na artwork. Magiging pag-aari ang artwork ng San Francisco Safe Routes to School.